

Ang 'Limang Mga Sola' Ng Repormasyon

❖ SOLA FIDE (Sa Pamamagitan Ng Pananampalataya Lamang)

- Usapin: Paano pinawawalang-sala ang makasalanan? *Sola Fide* = pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya lamang.
- Tinatawag na '*material cause*' ng Repormasyon dahil ito ang siyang pangunahing katuruan para kina Martin Luther at iba pang mga Repormador kung saan ang ebanghelyo ay mapananatiling ebanghelyo. Tinatawag ito ni Luther na '*articulus stantis et cadentis ecclesiae*' [katuruan kung saan ang iglesya ay tumatayo o bumabagsak]. (*Isalaysay kung paano nadiskubre ni Luther ang katuruan ng 'katuwiran ng Diyos'*)
- Idiniidiin nito ang lubos na pagtanggap sa iba pang paraan ng pagpapawalang-sala sa makasalanan maliban lamang sa pananampalataya sa isang '*banyagang katuwiran*' ['*alien righteousness*' = katuwirang hindi sa atin] na walang iba kundi ang katuwiran ni Kristo.
- Laban sa pananaw ng Romano Katoliko na isang prosesong ginagawa ang pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya at mabubuting gawa at mga sakramento ng simbahan.
 - **J.I. Packer, *Sola Fide: The Reformed Doctrine of Justification*:** “ *Sabi ng Roma, ang biyaya ng Diyos ay dakila, sapagkat sa pamamagitan ng krus ni Kristo at ng kanyang simbahan, ang kaligtasan ay posible sa lahat ng gagawa at magpupunyagi para rito; kaya lumapit sa simbahan at gumawa! Subalit ang sabi ng mga Repormador, ang biyaya ng Diyos ay higit na dakila, sapagkat sa pamamagitan ng krus ni Kristo at ng kanyang Espiritu, ang lubos at walang bayad na kaligtasan, kasama ng ganap na katiyakan ng walang-hanggang kagalakan, ay minsan at pang-walang-hanggang ipinagkakaloob sa lahat ng sumasampalataya; kaya lumapit kay Kristo, manalig at tanggapin!* “

[Thesis Four: Sola Fide; Cambridge Declaration of the Alliance of Confessing Evangelicals; April 20, 1996]

“ *Pinaninindigan natin na ang pagpapawalang-sala ay sa pamamagitan ng biyaya lamang sa pamamagitan ng pananampalataya lamang kay Kristo lamang. Sa pagpapawalang-sala, ang katuwiran ni Kristo ay ibinilang sa atin bilang nag-iisang makapagbibigay-kasiyahan sa perpektong katarungan ng Diyos. Tinatanggihan natin na ang pagpapawalang-sala ay nakasalig sa anumang meritong matatagpuan sa atin, o kaya ay sa mga batayan ng ibinuhos na katuwiran ni Kristo sa atin o kaya ay kilalanin bilang isang lehitimong iglesya ang isang samahang nag-aangking isang iglesya na tumatanggi o kumukondena sa sola fide.* “

I. Sola Fide: Paglalahad Sa Bibliya

- Pinatotohanan ng Lumang Tipan na ang pagpapawalang-sala ay sa pamamagitan ng pananampalataya:

Pangunahing Mga Talata:

1. Gen. 15:6 “ *Sumampalataya siya sa PANGINOON; at ito'y ibinilang na katuwiran sa kanya.* “

- Pinagbabatayan ng Romano Katoliko para sa kanilang katuruan ng pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng mga gawang binigyang kapangyarihan ng biyaya.
- Ngunit walang binabanggit na anumang mga gawa o merito ng mga gawa sa talata
- Ang katuwirang ibinilang ay siyang ipinipresenta bilang kaloob = biyaya
- Sa **Roma 4** at **Gal. 3:6-14** ay kinukumpirma ni Pablo na ang ibinibilang na katuwiran sa **Gen. 15:6** ay sa pamamagitan ng pananampalataya

PAGTUTOL: Ang pang-ukol na *eis* [for, para] ay ginamit sa **Roma 4:5, 9, 22** at nagsasaad ito na ang gawa ng pagsampalataya ay ibinilang sa mananampalataya '*sa halip ng katuwiran*'.

SAGOT: Ang *eis* ay ginagamit sa mga talatang ito sa katuturan ng '*patungo sa*'; malinaw ito sa **Roma 10:10** “*...sa puso ang tao ay nananampalataya tungo sa (eis) katuwiran* “—i.e. ang pananampalataya ay kumilos patungo kay Kristo mismo at nanangan sa Kanya.

2. Hab. 2:4 “ *...ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya.* ”

- Binabanggit ni Pablo sa **Roma 1:17** at **Gal. 3:11**; gayundin sa **Heb. 10:38**
 - Malinaw na itinuturo sa Bagong Tipan na ang katuwirang ito ay sa pamamagitan ng pananampalataya sa ebanghelyo ni Kristo
 - Ang Kautusan mismo ay kay Kristo tayo itinuturo (**Roma 3:21-22; 10:4**)
- Sa Bagong Tipan ay lalong malinaw na ang pagpapawalang sala ay sa pamamagitan ng pananampalataya:

Rom. 3:22 “*...ang katuwiran ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo sa lahat ng mga sumasampalataya...*”

Rom. 11:20 “*...sa iyong pananampalataya'y nakatayo ka...*”

Gal. 3:24 “*Kaya't ang kautusan ay naging ating tagasupil hanggang sa dumating si Cristo, upang tayo'y ariing-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya.*”

Ef. 2:8 “*...sa biyaya kayo'y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya...*”

- Sa bawat pagkakataon ang pananampalataya ay ipinipresenta bilang paraan ng pagpapawalang-sala
- Hindi pagpapawalang-sala batay sa pananampalataya [*propter fidem* = on account of faith]
- Laging pagpapawalang-sala nang dahil kay Kristo [*propter Christum* = on account of Christ], *i.e.* batay sa pagbabayad-sala ni Kristo na sa biyaya ay ibinilang at tinanggap ng makasalanang sumasampalataya

PUNTO: Ang batayan ng pagpapawalang-sala ay si Kristo at ang Kanyang katuwiran lamang.

II. Sola Fide = Sa Pamamagitan Ng Pananampalataya Lamang [galing sa GMA Soteriology Lecture #16; NAE]

1. Pananampalataya bilang paraan/kasangkapan.

PUNA: Sa mga pahayag tungkol sa kaugnayan ng pananampalataya sa pagpapawalang-sala ay pinamamalagi ang pagiging paraan o kasangkapan nito.

- **Rom. 3:25** “...*mabisa sa pamamagitan ng pananampalataya...*”
- **Ef. 2:8** “...*kayo’y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya...*”
- **Rom. 3:28** “...*ang tao ay itinuturing na ganap sa pamamagitan pananampalataya na hiwalay sa mga gawa...*”

PUNTO: Ang pananampalataya ay hindi inilalahad bilang dahilan o batayan ng pagpapawalang-sala; laging paraan o kasangkapan lamang kung saan sa pamamagitan nito ay natatamo ang pagpapawalang-sala.

2. Pananampalataya bilang tanging paraan.

- **Rom. 3:28** “...*ang tao ay itinuturing na ganap sa pamamagitan pananampalataya na hiwalay sa mga gawa...*”
- Tamang isinalin ni Luther na: “*itinuturing na ganap sa pamamagitan ng pananampalataya lamang*”
- Ang salitang ‘only’ [lamang] ay isang teolohikal na pagtanggì [o hindi pagsasali] sa lahat ng karagdagang mga paraan ng pagtatamo ng pagpapawalang-sala.

PUNTO: Ang pagdaragdag ng iba pang mga paraan sa pananampalataya ay magpapawalang-saysay sa pananampalataya! Sapagkat ang pangunahing-katangian ng pananampalataya ay ang lubos na pagsalig sa sinasampalatayanan.

Pananaw ng Katoliko: Pananampalataya + Mga Gawa → Pagpapawalang-sala

Pananaw ng Repormasyon: Pananampalataya → Pagpapawalang-sala + Mga Gawa

III. Sola Fide: Pagkilos Ng Pananampalataya

- John Flavel: “*The soul is the life of the body; faith is the life of the soul; Christ is the life of faith.*” [Ang kaluluwa ang buhay ng katawan; ang pananampalataya ang buhay ng kaluluwa; Si Kristo ang buhay ng pananampalataya.]
- Sa pamamagitan ng Espiritu at ng Salita, ang pananampalataya ay biyayang nagliligtas na kumikilos sa kaluluwa:

1. Nanunumbat ng kasalanan at kapahamakan.

- Nagpapamalay ng masamang kalagayan sa kasalanan = lubos na makasalanan; nahaharap sa hatol at kaparusahan; walang ibang maaasahan dahil walang sariling katuwiran
- Nag-aakay sa lubos na kapakumbabaan upang lumapit ng awa sa Diyos

PUNTO: Ginagawa ng pananampalataya na mamalayan ng makasalanan ang kanyang kapahamakan at makita ang pangangailangan kay Kristo.

2. Sumasang-ayon sa katotohanan ng ebanghelyo.

- Hindi ito intelektwal na pagsang-ayon lamang
- Ang pananampalataya ay bukal sa pusong paniniwala sa itinuturo ng Kasulatan tungkol sa tao at kasalanan, kabanalan ng Diyos at pagiging Tagapagligtas ni Kristo.
- Iniiwan ang sariling pagmamatuwid sa Diyos
- Nagpapasakop sa ebanghelyo

PUNTO: Ang pananampalataya ay tumitingin sa merito ni Kristo lamang.

3. Nananangan kay Kristo at sa Kanyang katuwiran lamang.

- Paraan kung saan ang makasalanan ay inilalakip sa kanyang Tagapagligtas.
- Pakikilahok sa katuwiran ni Kristo. Calvin: “*Faith justifies in no other way than as it introduces us into a participation of the righteousness of Christ.*”

PUNTO: Ang pananampalatayang nagpapawalang-sala ay nagtitiwala at tumatagan kay Kristo at sa Kanyang katuwiran.

4. Nabubuhay kalakip ni Kristo

- Kaisa ni Kristo, ang mananampalataya ay objectibong nagtamo ng lahat ng mga pakinabang mula sa gawa ni Kristo
- Isinasa-karanasan ang pagkakaroon ng mga ito sa pamamagitan ng Espiritu = araw-araw na karanasan
- Ang mananampalataya ay patuloy na magkakanlong sa “*dugo, kamatayan, pagdurusa at pagsunod ng ating Panginoong Jesukristo.*” [Belgic Confession, Art. 29]

PUNTO: Ebidensya ng tunay na pananampalataya = mabubuting gawa.

HAMON: Sa magkabilang kamalian ng Katolisismo at Arminianismo, ipanindigan natin: SOLA FIDE.